



Insurance sa Lindol: Tama ba ito para sa iyo?

Karaniwang pangyayari ang mga lindol sa California, pero ang pinsala ay hindi kasama sa karamihan ng policy ng insurance sa bahay at kailangan mo itong bilhin ng hiwalay. Itanong sa iyong sarili ang mga sumusunod na katanungan para makagawa ng matalinong pagpapasya kung makatuwiran para sa iyo na bilhin ito.

Ano ang panganib sa lindol ng iyong bahay?

Ilagay ang iyong address sa <https://myhazards.caloes.ca.gov> Gaano kalapit ang iyong bahay sa isang fault line? Slab ba ang pundasyon nito o poste at pier? Ang bahay ba ay gawa sa kahoy? Ito ba ay "soft story" na bahay (itinayo sa ibabaw ng garahe)? Nasa bedrock ka ba o nasa tambak (fill)? Magkano ang equity na mayroon ka sa iyong bahay?

Kakayanin mo bang bayaran mula sa sarili mong balsa ang sa pag-paayos/muling pagtatayo?

Paano mo babayaran ang muling pagtatayo o pag-aayos ng iyong bahay pagkatapos ng lindol? Ang pinsala ng lindol ay kadalasang nangangailangan ng mga mamahaling solusyon gamit ang inhenyeriya.

Saan ka titira kung ang iyong bahay ay "na-red tag" at hindi na matitirhan pagkatapos ng lindol?

Maaaring saklawan ng EQ insurance ang iyong pansamantalang upa at mga gastos sa relokasyon habang muling itinatayo ang iyong bahay.

Kumuha ng ilang quote upang makita kung kaya mong bayaran ang EQ Insurance?

Ang mga kumpanyang nagbebenta ng EQ insurance ay kinabibilangan ng:
California Earthquake Authority, Palomar, Golden Bear, GeoVera, Pacific Select

Anong deductible ang tama para sa iyo?

Ang mga deductible sa mga policy sa lindol ay karaniwang nasa pagitan ng 10-20% ng iyong limitasyon sa saklaw ng estruktura. Ang mas mataas na deductible ay nagpapababa sa taunang gastos, ngunit naglalagay sa iyo sa mas mabigat na pinansiyal na pasanin kung ikaw ay napinsala.